（TAGALOG/タガログ版）　Ｎｏ．８４

KIAN KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION NEWS

KUMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

# Libreng Tiket sa labanang Kawasaki Frontale at Yokohama F. Marinos

Ｊリーグの川崎フロンターレ対横浜Ｆ．マリノス戦の市民無料招待　　250

Sa paggunita ng Anibersaryo ng pagkatatag ng Siyudad ng Kawasaki, magkakaroon ng labanang soccer ang Kawasaki Frontale at Yokohama F. Marinos sa ika-12 ng Agosto (Sabado) sa Todoroki Stadium simula alas 7 ng gabi. Dalawang libong pares ng tiket na para sa may total na apat na libong katao ang ipamimigay sa mga residente ng Siyudad ng Kawasaki. Inaanyayahan ang lahat na sumuporta sa grupo ng bayan, Kawasaki Frontale!

Sa araw na ito, ipagdiriwang din ang ika-sampung taong anibersaryo ng pagkatatag ng team sa pamamagitan ng pagtatanghal ng "Okinawa Festa sa Todoroki sa ika-2 ng hapon.

Upang magkaroon ng libreng pares ng tiket, magpadala ng reply-paid postcard na naglalaman ng inyong pangalan, tirahan, gulang at numero ng telepono at huwag kalilimutang isulat ang "Nais kong mapanood ang Soccer Game ng City Foundation Day"! Huwag ding kalimutang isulat ang inyong pangalan, tirahan edad at telephone number sa postcard na babalik sa inyo. Ipadala ang lahat ng ito sa Kawasaki City Office of Marketing and Public Relations, Kawasaki City Hall, postal code 210-8577 bago mag-ika-14 ng Hulyo.

Para sa iba pang impormasyon, tumawag sa Kawasaki City Office of Marketing and Public Relations (*KAWASAKI-SHI SHIMIN KYOKU " CITY SALES" KOUHOUSHITSU*) sa numerong 044-200-2245.







# Pagbubukas ng Outdoor Pools sa Parke ng Kawasaki City

川崎市立公園の野外プールオープン　　251

Magbubukas na ang outdoor swimming pools sa Daishi Park at Todoroki Park nitong ika-10 ng Hulyo (Lunes) para sa tag-araw ng kasalukuyang taon. Karagdag na magbubukas dito ang pambatang paliguan o pools sa Fujimi Park, Oda Park, Ogura Nishi Park, Hirama Park at Inada Park. Mananatiling bukas ang mga ito hanggang ika-31 ng Agosto.







Ang lahat ng Pools ay bukas sa oras ng ika-9 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon. Mula sa edad na 15 pataas ay may bayad na \300 para sa entrance, at mula naman sa 3 taong gulang hanggang 14 taong gulang ay \100.
Para sa iba pang detalye, makipag-ugnayan sa "KAWASAKI SHI KOEN RYOKUCHI KYOUKAI" o (Kawasaki City Parks and Open Space Association, 044-711-3257.

# NFL Larong Putbol Fest ng Amerika


252 NFL アメリカンフットボールフェスティバル

Magiging panauhin sa Siyudad ng Kawasaki sa susunod na taon sa buwan ng Hulyo ang "Third American Football World Cup 2007". Bilang panimulang ibento para sa world championship sa taong ito, sa ika-29 ng Hulyo (Sabado) at ika-30 (Linggo) gaganapin ang NFL American Football Festival sa Kawasaki Stadium.

Kabilang sa pagdiriwang ang pampitong Annual NFL Flag Football Japan Final, maging ang flag tournament para sa mga mag-aaral ng elementarya at hayskul. Magkakaroon din ng set ng carnival-style games na tinaguriang NFL Experience kung saan ang mga bisita ay makakaranas ng pagbato ng bola ng putbol, tumakbo at maglaro ng basic na American Footbal. Mayroon ding Cheerleading Clinic. Bukod dito mayroon ding "Fan Plaza" kung saan makakarinig ng tugtog ng banda, makakatikim ng pagkaing amerikano, makakabili ng mga pampasalubong o souvenirs na nakakalibang at makapagpapaalala ng American Football Stadium.
Libre ang pagpasok sa Festival. Ang Kawasaki Kyujo (Stadium) ay 12 minutong lalakarin mula East Exit ng Jr Kawasaki Station.
Para sa iba pang detalye tumawag sa NFL JAPAN : 03-5114-3030.

## May problema ka? Tawag na o magsadya sa:

# Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki



**Silid－Sanggunihan para sa mga Dayuhan**

**Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.**

■ **Konsultasyon sa iba't-ibang Wika**

**Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado**
**Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes**
**Wikang Koryano : Martes at Huwebes**
**Wikang Kastila: Martes at Huwebes**
**Wikang Portugis: Martes at Biyernes**
**Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles**

■ **Oras ng Konsultasyon**

**10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon**

Inilathala ng Asosasyong Pandaidig ng Siyudad ng Kawasaki
2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 〒211-0033 Kawasaki International Center
Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:http://www.bremen.or.jp/kian/